



*Si Pastor Alamo at ang kanyang yumaong asawa na si Susan sa kanilang programang pangtelebisyon naitala sa Grand Ole Opry, Nashville, Tennessee*

*litrato- 1975*

# MISTERYONG BABILONIA INA NG MGA PATUTOT

**ni Tony Alamo**

Isinaad ni Apostol Juan, “At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok [ng matinding poo’t ng DIYOS, na siyang ibubuhos sa mundo sa lalong madaling panahon<sup>2</sup>], at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Pumarito ka, ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig [ang salitang “maraming tubig” ay nagsasagisag, nangangahulugan ng maraming

bansa; iimpluwensyahan niya lahat ng mga tao sa mundo]; Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid. [Mangahulugan, ang ibig sabihin nito ay kanilang pinagtibay ang kanyang mga maling doktrina. Ginawa nila ang lahat ng kasuklaman (marungis na kasalanan) sa mundo, at sila ay may kagagawan ng lahat ng digmaan at patayan, kabilang na ang pagpatay sa CRISTO, sa mga propeta, at sa mga santo.]” (Pahayag 17:1-2).

Sa isang pangitain, nakita ni propetang Daniel ang halimaw na ito. Nakita niya ang hayop na ito, ang gobyernong pandaigdig na ito, bilang “kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong malakas; at may malaking

mga ngiping bakal; nananakmal at lumuluray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi: at kaiba sa lahat na hayop [mga kaharian] na una sa kaniya; at siya’y may sangpung sungay” (Daniel 7:7). Wala pang ganitong klaseng pamahalaan ang kailanman ay nangyari sa buong mundo.

Ilan sa mga tao sa Misteryong Babilonia (Ang Vatican, ang Simbahang Romano Katoliko) ay talagang nagmamahal sa DIYOS. Sila ang mga ignoranteng kampon. Gayunman, ang pamunuan ay makasalanan at hindi makumpara sa kasamaan! Sabi nila na ang kanilang nakalipas na nagawang kasamaan ay nakalipas na, ngunit palihim, hanggang sa ngayon, ay pumapatay sila ng higit na tao kumpara sa

dati. Sabi nila na sila ay laban sa pagpapalaglag, sa homosekswal at sa pornograpiya, subalit dahil sila ang pangdaigdigang pamahalaan, kinokontrol nila ang pamahalaang pandaigdig, at sila ang nasa likod ng lahat ng kasamaan sa mundo.<sup>3</sup> Ito ay kung bakit sabi ng DIYOS sa lahat ng walang-salang karaniwang tao na “MANGAGSILABAS KAYO SA KANIYA [ang patutot], BAYAN KO, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang salot [ang matinding poot ng DIYOS]” (Pahayag 18:4).<sup>4</sup> “At ang mga nananahan sa lupa [ang buong mundo] ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid [lahat ng

*(Sundan sa pahina 2)*

1 Pahayag 15:1, 5-8, 16:1-4, 8-12, 17-21 2 Pahayag 12:9, 13:1-8, 11-18, 17:1-6, 18, 18:3, 23-24 3 Jer. 51:44-45, Pahayag 16:10-11, 18:5-24 4 2 Pedro 2:4, Judas 6, Pahayag 12:7-9

## MISTERYONG BABILONIA INA NG MGA PATUTOT

(Mula sa pahina 1)

kasalanan. Siya ay pampulitika at nagkukunwaring relihiyoso” (Pahayag 17:2).

Sinasabi ng Pahayag 17:9, “Narito ang pag-iisip na may karunungan. Ang pitong ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae [Ang Vatican, ang bulaang propeta, ang bantog na patutot].” Kung ikaw ay nag-email o tumawag sa travel agency at humiling ng tiket patungo sa lungsod ng pitong bundok, bebentahan ka nila ng tiket papuntang Roma, Italya!

Ipinakita kay Apostol Juan ang iba pang kababalaghan sa kalangitan; “at narito ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo [ang pitong bundok sa Roma] at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo’y may pitong diadema (korona) [na nagtatalaga sa dragon na ito bilang ang demonyong pinuno (halimaw) sa pitong kontinente ng mundo]. At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin [nagsasagisag sa mga suwail at masasamang anghel. Sinasabi ng Pahayag 1:20 na ang mga tala ay ang mga anghel] sa Langit, at ipinaghagis sa lupa” (Pahayag 12:3-4).<sup>5</sup>

Ang Roma ay tinawag ng DIYOS, hindi Babilonia, ngunit “MISTERYONG BABILONIA NA DAKILA.”<sup>6</sup> Walang ibang huwad na simbahang kulto ang maliwanag na kinikilala ng SALITA NG DIYOS kundi ito (ang Vatican) na nabanggit sa Pahayag 17:3-9: At dinala ng anghel si Juan sa “ESPIRITU [ng DIYOS] sa isang ilang: at nakita ko [si Juan] ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula (iskarlata) [ang bulaang propeta ng Roma at pulitikal na kultong nakaupo sa iskarlatang kulay ng mga kultong kardinal, ang

iskarlatang halimaw na pamahalaang pandaigdig sa pamumunuan ng Vatican], na puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo [ang pitong bundok ng Roma] at sangpung sungay [ang sampung bansa sa Europa, na panandaliang sumama sa kanya, at pagkatapos ay sinunog siya” (Pahayag 17:16)].

“[At heto ang mga kulay ng kulto.] At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas [habang ang kanyang mga tagasunod ay naninirahan sa hirap at karumihan], na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam [na kung saan ito ang pinakamalala sa mga kasalanan] at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid: At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA.

“At nakita ko [si Juan] ang babae na lasing sa dugo ng mga banal, at sa dugo ng mga martir ni HESUS. At nang aking makita siya, nanggigilalas ako ng malaking panggigilalas. [Ang panlilinlang ng diyablo ay napakalakas na kahit si Apostol Juan ay nadala sa paghanga sa pangitain ng kulto ng diyablo, sa kanyang karangyaan, mga ritwal, musika, mga magarbong damit, ginto, perlas, kayamanan, atbp.] At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggigilalas? Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga (misteryo) ng babae, [ang huwad na propeta], at ng hayop na sinasakyan niya [ang pamahalaang pandaigdig na sumusunod sa kanyang mga utos. Ang kanyang kapangyarihan ay galing sa malahigante na pulang dragon, and diyablo (Pahayag 13:4)], na may pitong ulo [ang pitong bundok ng Roma] at sangpung sungay [ang sampung bansa sa Europa].

“At ang [muling nabuhay] hayop na nakita mo ay naging siya [na minsan, ang Roma ay naging isang imperyo ng mundo], at wala na [bumagsak ang Roma]; at malapit ng umahon [muling mabubuhay] sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan [ang Roma, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng espiritu ni Satanas, ang diyablo, ay muling babangon sa isang pamahalaang pandaigdig na nagpapanggap bilang isang simbahan, at napakalayo sa alinmang pangitain ng sinuman na makasalanan<sup>7</sup>]: At silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas [Si Satanas ang malaking manlilinlang.<sup>8</sup> Kahit sa isang sandali, ang dakilang Apostol na si Juan ay nalinlang ni Satanas. Ang lahat ng panlilinlang ay naglalaho kapag nakilala mo si CRISTO, NA SIYANG SALITA NG DIYOS, sa King James na Bersyon ng Biblia.<sup>9</sup> Namangha sila], na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop, kung paano naging siya at wala na, at darating.

“At [muli,] narito ang pag-iisip na may karunungan. Ang pitong ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae.” Ang dragon (Satanas, ang diyablo) ang nagbigay sa kaniya ng upuang ito at (mala-demonyo) kapangyarihan upang linlangin ang buong mundo (Pahayag 13:2, 4). Ang lahat ng ito ay nangyayari sa ngayon! Magsisi sa inyong mga kasalanan. Tanggapin ang umpisa

(Sundan sa pahina 4)

7 Gen. 3:1-6, Mateo 24:11-12, 24, Juan 8:44, 2 Mga Taga-Corinto 11:13-15, 2 Mga Taga-Tesalonica 2:3-12, 2 Tim. 3:13, 1 Juan 4:1, 2 Juan 7, Pahayag 2:9, 12:9, 13:1-8, 11-15, 16:13-14, 17:8, 19:19-21, 20:1-3, 7-8 8 Mga Awit 119:105, Mga Kawikaan 6:23, Juan 1:1-3, 10-14, 1 Juan 1:1-3, 5:7, 20, Pahayag 19:11-16 9 Awit 51:5, Rom. 3:10-12, 23



Ang Kristiyanong Bansa na Alamo

[www.alamoministries.com](http://www.alamoministries.com)

# Mga Sulat kay Pastor Alamo

## APRIKA Zambia

Sasamantalahin ko ang ginintuang pagkakataong ito na magpasalamat sa iyo ng lubos sa inyong ginagawa para sa aming mga tagapakinig ng Radio East Africa. Bago iyon, gusto kong sabihin na ako ay hindi karapat-dapat sa mata ng Diyos. Ngunit sa pakikinig ko sa iyo ay ganap na nagbago ang aking buhay. Ako ngayon ay nagtatrabaho bilang isang mabuting tagapaglingkod ng Diyos.

Luka Chaiwira

Livingstone, Zambia

## Cameroon

*(Isinalin mula sa French)*

Dear Pastor,

Iniuulat ko sa iyo ang kagalakan na nagmumula sa amin, sapagkat ang aming mga kapatid na Muslim ay tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas at kanilang Panginoon sa pamamagitan ng inyong literaturang Kristiyano, ang mga pahayagang palihan. Sila ay tatlumpung kaluluwa mula sa hilaga ng bansa. Ako ay nangangailangan ng mga Bibliya para sa kanila. Ang mahal kong Pastor, kami ay nangangailangan ng librong Mesiyas, at dalawang kahon ng literatura para sa aming mga kahilingan.

Ella Engelbert

Republika ng Cameroon

## Missouri

Dear Tony Alamo Ministries,

Ako ay sumulat upang magpasalamat sa iyo sa mga polyetong ipinadala mo sa akin. Ang mga ito ay kapaki-pakinabang sa akin. Ako ay isang bagong Kristiyano at ang mga bagay na sinusulat ni Pastor Alamo sa pahayagang palihan ay pumupukaw sa aking damdamin. Nakapunta na ako sa simbahan dati ngunit hindi ko nadama na ako ay bahagi doon, ngunit ngayon ay natagpuan ko na kung saan ako nabibilang. Kapag nakalabas ako ay gusto kong mag-ing bahagi ng Tony Alamo Christian Ministries. Panatilihin mo lamang ang pagpapadala ng mga polyeto para mapalago ko ang aking Kristiyanong pananampalataya at maging ganap na tao sa kagustuhan ni Hesus.

Daniel Wilson

Farmington Correctional Center  
Farmington, MO

## Pakistan

Mahal kong Kapatid kay Cristo, Tony Alamo

Pagbati sa pangalan ni Hesus. Nagpapasalamat ako sa iyong pagpadala ng Ebanghelyong panitikan. Natanggap ko ngayon ang paketeng naglalaman ng lahat ng koreong literatura.

Ngayon ay ipapadala ko sa iyo ang mga larawan ng natanggap na pakete. Ako ay muling nagpapasalamat sa pagpadala. Bukas ay sisimulan kong ipamahagi ang mga literatura sa iba't-ibang rehiyon. Umaasa kami na sa pamamagitan ng grasya ng Diyos ay makamit namin ang pagbabagong espiritwal sa aming bansa. Nabasa ko ito, at ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa lahat ng aking proyekto sa iba't-ibang dimanampalataya.

Pagpalain ka ng Diyos,

Pastor R.B.

Lahore, Pakistan

Kumusta Mahal na Pastor Tony,

Ginoo, may isa lamang Tony Alamo Christian Ministry sa buong mundo, at ang serbisyo nito ay mabuti. Sa pamamagitan ng mensahe nito ay nakakaakit kami ng maraming tao para kay Hesus. Ako po ay namamahagi ng iyong panitikan dito sa Punjab, at sa siyudad na ito ay maraming tao ang nakakakuha ng panitikan at mga libro. Malaki ang pangangailangan nito para sa iyong mga mensahe ng Diyos.

Ginoo, gusto kong maabot ang buong Pakistan gamit ang iyong Tony Alamo pahayagang palihan, kaya salamat sa Diyos, kami ay magbubukas ng bagong sangay sa Toba Tek Singh at Karachi, at umaasa akong magbukas ng madami pang sangay sa Pakistan. Mangyaring tumugon kayo sa akin sa lalong madaling panahon. Salamat, at pagpalain kayo ng Diyos.

Taos kay Cristo,

Pastor A.R.

Punjab, Pakistan



Si Pastor R.B at ang kanyang iha sa kanilang pagtanggap ng mga Bibliya, librong *Mesiyas*, at mga pahayagang palihan para sa pamamahagi sa Lahore, Pakistan



## MISTERYONG BABILONIA INA NG MGA PATUTOT

(Mula sa pahina 2)

ng iyong kaligtasan sa pamamagitan ng pagsabi sa panalanging ito:

Aking PANGINOON at aking DIYOS, mahabag ka sa aking kaluluwang makasalanan. Naniniwala akong si HESU-KRISTO ay ANAK ng buhay na DIYOS.<sup>10</sup> Naniniwala akong SIYA ay namatay sa krus at itinigis ang KANIYANG mahalagang dugo para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan.<sup>11</sup> Naniniwala akong si HESUS ay binuhay na muli ng DIYOS sa pamamagitan ng kapangyarihan ng BANAL NA ESPIRITU<sup>12</sup> at sa kasalukuyan si HESUS ay nakaluklok sa kanang kamay ng DIYOS, pinakikinggan NIYA ang pag-amin ko sa aking mga kasalanan at ang panalanging ito.<sup>13</sup> Binubuksan ko ang pinto ng aking puso, at iniimbitahan KITANG pumasok sa aking puso, PANGINOONG HESUS.<sup>14</sup> Hugasan MO ang lahat ng aking mga kasalanan sa pamamagitan ng mahalagang dugo na IYONG itinigis para sa akin sa krus ng Kalbaryo.<sup>15</sup> Hindi MO ako itataboy, PANGINOONG HESUS; patatawarin MO ang lahat ng aking mga kasalanan at ililigtas ang aking kaluluwa. Alam ko ito sapagkat ito ang sinasabi MO sa Bibliya, ang IYONG SALITA.<sup>16</sup> Sinabi MO na hindi MO itataboy ang sino man, at kabilang ako sa mga iyon.<sup>17</sup> Dahil dito, alam kong narinig Mo ako, at alam kong sinagot

MO ako, at alam ko ring ako ay naligtas.<sup>18</sup> Pinasasalamat KITA, PANGINOONG HESUS, sa pagligtas MO sa aking kaluluwa, at ipakikita ko sa IYO ang aking pasasalamat sa pamamagitan ng pagsunod sa IYONG utos at pag-iwas sa paggawa ng kasalanan.<sup>19</sup>

Ang KRISTO at ang DIYOS-AMA ay naninirahan na ngayon sa iyo sa pamamagitan ng BANAL NA ESPIRITU. May paraan upang matanggap mo ang mas ganap na bahagi ng banal na katangian ng DIYOS. Kapag mas naninirahan sa iyo ang banal na katangian ng DIYOS, mas malalabanan mo ang mga tuksong napakadaling nagpalayo sa milyon-milyong Kristiyano mula sa kaligtasan. Manalangin ka para sa bautismo sa BANAL na ESPIRITU. Para sa mga tagubilin sa kung paano tumanggap ng bautismo sa BANAL na ESPIRITU at tumanggap ng mas marami pang banal na katangian ng DIYOS, humingi ng aming literatura o tumawag. Sapagka't kapag walang kabanalan, hindi makikita ng mga tao ang DIYOS (Hebreo 12:14)

Pagkatapos ng kaligtasan, Sinabi ni Hesus na magpabinyag, ganap na pagkalubog sa tubig, sa ngalan ng AMA, at ng ANAK, at ng BANAL na ESPIRITU.<sup>20</sup> Pag-aralan ng mabuti ang Ang Dating Biblia (King James na Bersyong Bibliya), at gawin ang sinasabi nito hanggang sa araw ng iyong kamatayan.<sup>21</sup> Nais ng PANGINOON na sabihin mo sa iba ang tungkol sa iyong kaligtasan (Marcos 16:15). Maaari kang maging tagapalaganap ng Ebanghelyong panitikan

ni Pastor Tony Alamo. Padadalhan ka namin ng libreng literatura. Tumawag o mag-email sa amin para sa karagdagang impormasyon. Ibahagi sa ibang tao ang mensaheng ito.

Kung gusto mong maligtas ang mundo, tulad ng utos ni HESUS, huwag pagnakawan ang DIYOS sa KANYANG ikapu at mga handog. Sabi ng DIYOS, "Nanakawan baga ng tao ang DIOS? Gayon ma'y ninanakaw ninyo AKO. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano KA namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog. Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo AKONG ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa [at ang buong mundong ito]. Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi [ang ikapu ay ikasangpung bahagi ng iyong kabuuang kita] sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain [Espiritwal na pagkain] sa AKING bahay [mga naligtas na mga kaluluwa], at subukin ninyo AKO ngayon sa bagay na ito, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO, kung hindi KO bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog KO sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. At AKING sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO, at tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO" (Malakias 3:8-12).

10 Mat. 26:63-64, 27:54, Luc. 1:30-33, Jn. 9:35-37, Rom. 1:3-4 11 Gawa 4:12, 20:28, Rom. 3:25, 1 Jn. 1:7, Pah. 5:9 12 Awit 16:9-10, Mat. 28:5-7, Mar. 16:9, 12, 14, Jn. 2:19, 21, 10:17-18, 11:25, Gawa 2:24, 3:15, Rom. 8:11, 1 Cor. 15:3-7 13 Luc. 22:69, Gawa 2:25-36, Heb. 10:12-13 14 1 Cor. 3:16, Pah. 3:20 15 Ef. 2:13-22, Heb. 9:22, 13:12, 20-21, 1 Jn. 1:7, Pah. 1:5, 7:14 16 Mat. 26:28, Gawa 2:21, 4:12, Ef. 1:7, Col. 1:14 17 Mat. 21:22, Jn. 6:35, 37-40, Rom. 10:13 18 Heb. 11:6 19 Jn. 5:14, 8:11, Rom. 6:4, 1 Cor. 15:10, Pah. 7:14, 22:14 20 Mateo 28:18-20, Juan 3:5, Mga Gawa 2:38, 19:3-5 21 Deut. 4:29, 13:4, 26:16, Josue 1:8, 22:5, 2 Tim. 2:15, 3:14-17, Santiago 1:22-25, Pahayag 3:18

*Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mas maraming impormasyon o para sa ibang mga topiko ng panitikan na kawiwilian mo.*

**Tony Alamo, World Pastor, Tony Alamo Christian Ministries Worldwide • P.O. Box 2948, Hollywood, CA 90078**

**24 oras na linya ng panalangin at impormasyon: +1(661) 252-5686 • Fax +1(661) 252-4362**

**www.alamoministries.com • taoffice@alamoministries.com**

*Naglalaan ang Pandaigdigang Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo ng lugar na matitirahan kalakip ang lahat ng mga kinakailangan sa buhaypara sa lahat ng mga nasa lokasyon namin sa U. S. na tunay na nagnanais maglingkod sa PANGINOON ng buong puso, kaluluwa, pag-iisip at lakas.*

**Ginaganap ang pananambahan bawat gabi tuwing 8 P.M. at tuwing Linggo sa 3 P.M. at 8 P.M. sa pook ng Simbahan sa Los Angeles:**

**13136 Sierra Hwy., Santa Clarita, CA 91390, +1(661) 251-9424**

**May libreng serbisyong sasakyan galing at papunta sa kanto ng**

**Hollywood Blvd. & Highland Ave., Hollywood, CA araw-araw sa 6:30 P.M., tuwing Linggo sa 1:30 P.M. at 6:30 P.M.**

**Nagaganap ang mga Pananambahan sa New York City tuwing Martes sa 8 P.M. at sa ibat-ibang lugar gabi-gabi.**

**Mangyaring tumawag para sa mas maraming impormasyon: +1(908) 937-5723. MAY INIHAHAING PAGKAIN PAGKATAPOS NG BAWAT PANANAMBAHAN**

*Humiling ng aklat ni Pastor Alamo, Ang Mesias, na nagpapakita kay CRISTO mula sa paglalantad ng Lumang Tipan sa mahigit 333 na hula.*

*Maging manggagawa sa pag-aani ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagiging tagapamahagi ng panitikan ni Pastor Alamo.*

*Lahat ng aming panitikan at mga mensahe sa audio ay libre, kasama na ang pagpapadala.*

*Kung may magtatangkang humingi ng bayad para sa mga ito, mangyaring tumawag sa (661) 252-5686 collect.*

**TINATAGLAY NG BABASAHING ITO ANG TOTOONG PLANO NG KALIGTASAN (Gawa 4:12).**

**HUWAG ITONG ITAPON, IPASA ITO SA IBA.**

**Hinihimok namin kayong nasa ibang bansa na isalin ang panitikan na ito sa inyong katutubong wika.**

**Kung inyo naman muling ipalalathala, mangyaring isama ang sumusunod na karapatang magpalathala at rehistrasyon:**

© Karapatang magpalathala Hulyo 2011, 2016 Ang lahat ng karapatan ay nakalaan World Pastor Tony Alamo © Nakarehistro Hulyo 2011, 2016

TAGALOG—VOLUME 12400—MYSTERY BABYLON—THE MOTHER OF HARLOTS